BASAHIN, PAG-ARALAN, AT SIKAPING MAINTINDIHAN:

Ang Morpema

Ang **morpema** ay pinakamaliit na yunit ng isang salita na nagtataglay ng kahulugan. Ang salita ay binubuo ng pinagsama-samang pantig. Hindi lahat ng pinagsama-samang pantig ay makakabuo ng salita.Ang morpemang di-malaya ay tinatawag ding panlapi. Ang morpemang malaya ay tinatawag ding salitang ugat.

Halimbawa:

1.Morpema di-malaya

ma-, mag-, -um-, -in

2.Morpemang Malaya

galing, sipag, linis, linaw, dilim, dasal

3.Morpemang Di-malaya + Salitang Ugat

Unlaping nag- + salitang ugat = nagdasal

Gitlaping –um- + salitang ugat = bumili

Hulaping -in + salitang ugat = linisin